Pangalan: ________________________________________ Ms. Oli

## Basahin at Unawain

# Ang Bahay Nila Karding

Maganda ang bahay nina Karding. Dalawang palapag ito. Puti ang kulay ng bahay.
Luntian ang bakuran nito dahil sa mga tanim na halaman ng kanyang nanay at tatay.

## Sagutin ang mga katanungan:

1. Kanino ang bahay?

_______________________________________________

2. Maganda ba ang kanilang bahay?

_______________________________________________

3. Ilang palapag mayroon ito?

_______________________________________________

4. Ano ang kulay ng bahay?

_______________________________________________

5. Kaninong tanim ang nasa bakuran?

_______________________________________________

*Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com*

FUN TEACHER FILES

Pangalan: ______________________________ Ms. Oli

## Basahin at Unawain

# Lemonada ni Mina

Gagawa ng lemonada si Mina. Kumuha siya ng isang baso ng malamig na tubig. Pinigaan niya ito ng apat na kalamansi. Nilagyan niya rin ito ng asukal. Masarap ang lemonada ni Mina.

## Sagutin ang mga katanungan:

1.Ano ang ginawa ni Mina?

______________________________

2.Ilang basong tubig ang kanyang ginamit?______________________________

3. Ilang kalamansi ang kanyang piniga?______________________________

4. Ano pa ang inilagay niya rito?

______________________________

5.Ano ang lasa ng kanyang lemonada? ______________________________

Pangalan: ______________________________ Ms. Oli

**Basahin at Unawain**

# Palaka

Nakakita ka na ba ng palaka? Apat ang paa nito. Nakaluwa ang dalawang mata. Mahaba ang kaniyang dila. “Kokak! Kokak!" ang sabi ng palaka.

## Sagutin ang mga katanungan:

1. Anong hayop ang nabanggit sa kuwento? ______________________________

2. Ilan ang paa nito?

______________________________

3. Nakaluwa ba ang kanyang mga mata?______________________________

4. Ilarawan mo ang dila nito.

______________________________

5. Ano ang sinasabi nito?

______________________________

Pangalan: ________________________________ Ms. Oli

**Basahin at Unawain**

# Palabasang si Ron

Mahilig magbasa si Ron. Nagbabasa siya ng mga aklat. Nagbabasa siya ng mga magasin at pahayagan. Marami siyang natututuhan dahil sa kanyang pagbabasa.

## Sagutin ang mga katanungan:

1. Ano ang hilig gawin ni Ron?

_______________________________________

2. Ano ang kanyang binabasa?

_______________________________________

3. Matalino bang bata si Ron? Bakit?

_______________________________________

4. Ano ang nagagawa ng palagiang pagbabasa?

_______________________________________

5. Dapat bang gayahin si Ron? Bakit?

_______________________________________

*Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com*

FUN TEACHER FILES

Pangalan: ______________________________ Ms. Oli

**Basahin at Unawain**

# Bagay na may Buhay

May mga bagay na may buhay. May buhay ang mga hayop. May buhay ang mga halaman. May buhay ang mga tao. Kay ganda ng mundo dahil sa mga bagay na ito.

## Sagutin ang mga katanungan:

1. Tungkol saan ang binasa?

______________________________

2. Lahat ba ng bagay ay may buhay?

______________________________

3. Ano-ano ang mga bagay na may buhay? ______________________________
4. Sino ang may gawa ng mga bagay na may buhay? ______________________________
5. Dapat bang pahalagahan ang mga bagay na may buhay?

______________________________

*Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com*

FT FUN TEACHER FILES

Pangalan: ______________________________________ Ms. Oli

**Basahin at Unawain**

## Sapatos ni Mico

Palakad-lakad si Mico. Gustong-gusto niya ang kanyang suot. Uy! Kay sarap ilakad. Ang lambot sa paa at ang kintab-kintab pa! Binili ito ng kanyang tatay.

## Sagutin ang mga katanungan:

1. Sino ang palakad-lakad?

_______________________________________

2. Ano kaya ang gustong-gusto niya sa kanyang suot? _______________________
3. Sino ang bumili nito para sa kaniya?

_______________________________________

4. Ano ang naramdaman ni Mico sa kanyang suot? _______________________
5. Saan niya kaya gagamitin ang bagong sapatos? ____________________

*Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com*

FT FUN TEACHER FILES